QuipperSchool PREMIUM

# Yunit 7: Pagsulat ng Posisyong Papel

# Aralin 1: Kahulugan, Layunin, Gamit, at Katangian ng Posisyong Papel

## Nilalaman

**Pansinin** 1
- Panimula 1
- Mga Layunin 2

**Tuklasin** 2

**Alamin** 4
- Posisyong Papel: Kahulugan, Layunin, at Gamit 4
- Mga Katangian ng Isang Posisyong Papel 7

**Palawakin** 10
- Gawain 1 10
- Gawain 2 11

**Suriin** 12


**Paglalahat** 15

**Bibliyograpiya** 16

Yunit 7.1: Kahulugan, Layunin, Gamit, at Katangian ng Posisyong Papel

## Pansinin

### Panimula



Lar. 1. Ang posisyong papel ay isang uri ng akademikong sulatin. Mahalagang malaman ang layunin, gamit, at mga katangiang taglay nito.

Malawak ang mundo ng akademya kaya gayon na lamang din ang larangan ng akademikong pagsulat. Nagsisilbi itong kasangkapang pantalastasan para sa layuning makapagpahayag ng mga kaalaman, kaisipan, at pinag-isipang kuro-kuro hinggil sa iba't ibang tiyak at napapanahong paksa, na nangangailangan ng malalim na pagtatalakayan. Ibinubunga ito ng masinsing pananaliksik, kalakip ang pagtugon ng sumusulat sa kahingiang makapaglahad ng sariling pananaw at mga pagpapatibay rito. Ang posisyong papel ay isa sa mga uri ng ganitong sulatin.

## Mga Layunin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang

- nailalahad ang kahulugan, layunin, at gamit ng posisyong papel bilang isang akademikong sulatin;
- naiisa-isa ang mga katangian ng isang mabisang posisyong papel; at
- nakasusuri ng isang posisyong papel.

### Kasanayang Pampagkatuto ng DepEd

nakikilala ang iba't ibang uri ng akademikong sulatin, gaya ng posisyong papel ayon sa: (a) Layunin (b) Gamit (c) Katangian (d) Anyo **(CS_FA11/12PN-0a-c-90)**

## Tuklasin

5 minuto

### Mga Kagamitan

- mga *meta card*
- mga *pentel pen*

Bumuo ng grupo na may apat na miyembro. Sumulat ng magkasalungat na pananaw o posisyong kaugnay ng bawat paksa sa ibaba. Isulat ito sa tigdadalawang *meta card* na nakalaan sa bawat pares.

Mga paksa:

- Pagpapatupad ng *Enhanced Community Quarantine* sa buong Luzon
- Pagpasok ng mga Tsinong *POGO (Philippine Offshore Gaming Operators)* sa Pilipinas
- Kampanyang kontra-korapsyon ng kasalukuyang pamahalaan

Makiisa para sa isang malaya at masiglang talakayan.

## Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang pagkakaunawa mo sa tinukoy na "magkasalungat na posisyon" sa isinagawang gawain?

2. Sa palagay mo, wasto bang nabigyan ng magkasalungat na posisyon ang bawat paksa? Paano ito ginawa?

3. Ano o ano-ano ang naging pagsasaalang-alang sa pagbubuo ng magkakasalungat na pananaw sa mga natunghayang paksa?

4. Sa iyong palagay, paano mabibigyang-patunay ang nabuong posisyon o pananaw? Sa anong anyo ito nais bigyang lahad at palawigin?

5. Mahalaga bang nabibigyang-espasyo sa isang sulatin ang pagpapalawig ng talakayang kaugnay ng mga nabuong pananaw sa mga tiyak na isyu, lalo at napapanahon at may pambansang saklaw? Pagtibayin ang sagot.

## Alamin

Isa ang **posisyong papel** sa mga anyo ng sulatin na ginagamit sa akademya. Kung tutuusin, ang maliliit na gawaing nakapaloob sa pagbuo ng ganitong anyo ng sulatin ay pangkaraniwan na lamang sa mga mag-aaral; may tiyak na paksang magiging sentro ng talakayan, at kaakibat nito ang iba pang makrong kasanayan gaya ng pagbasa at pakikinig. Ngunit paano nga ba mapag-iiba nang husto ang isang posisyong papel bilang isang akademikong sulatin kumpara sa iba pa? Halina at kilalanin ang posisyong papel sang-ayon sa kahulugan nito, layunin ng pagsulat, gamit, at mga katangiang tinataglay bilang isang akademikong sulatin.

### Posisyong Papel: Kahulugan, Layunin, at Gamit

Nakapagtataka ba, o mas nakamamangha para sa iyo ang pagkakaroon ng iba't ibang anyo ng sulatin na ginagamit sa akademya? Kung papansinin, hindi nalalayo ang mga katangian at gamit ng mga ito sa isa't isa; bagaman nagkakaiba-iba ang mga ito sa layunin ng pagsulat at kakanyahan ng kahulugan.

## Yunit 7.1: Kahulugan, Layunin, Gamit, at Katangian ng Posisyong Papel

### Kahulugan ng Posisyong Papel

Ang posisyong papel ay sulating naglalaman ng mga pinaninindigang pananaw, palagay, o saloobin hinggil sa isang tiyak na mahalagang isyung may kinalaman sa iba't ibang larangan—akademya, panlipunan, ekonomiya, politika, at iba pa.

Detalyadong nasusulat dito ang mga ulat-polisiyang karaniwang nagpapaliwanag, nagtutuwid, o nagmumungkahi ng isang tiyak na kapasyahan at kaakibat nitong mga aksyon, na may kinalaman pa rin sa paksang isyu.

Nagtataglay ito ng iba't ibang anyo, mula sa pinakapayak na liham sa patnugot hanggang sa pinakakomplikadong akademikong posisyong papel. Sa akademya, nagsisilbi itong lunsaran ng talakayan hinggil sa mga isyung hindi dumaan sa eksperimentasyon, bagaman may mga inilalatag nang ebidensiya at mga kuro-kuro. Sa gayon, nasa paraang obhetibo ang paraan ng pagpapalalim nito ng talakayan hinggil sa paksa.

Sa larangang politika, pangkaraniwan, tumutugon ang pagsulat nito sa pagpapalawak ng talakayan at paggalugad sa kahalagahang maunawaan ang maraming opinyon hinggil sa mga aspektong may kinalaman sa pamahalaan. Nakapaloob sa mga opinyon ang magbigay ng mga mungkahing solusyon, pagsusuri, tasa, o iba pang uri ng paninindigang nangangailangang maisatitik upang makarating sa kaalaman ng nakararami, ng publiko.

Samantala, may tinatawag na *aide-memoire* para sa mga posisyong papel na partikular na nakabatay sa pagtalakay ng mga isyung hindi nasang-ayunan o hindi pa napagkasunduang may kinalaman sa batas o pagsasabatas.

**Paano ka naninindigan ng iyong mga pananaw at kuro-kuro hinggil sa mga isyung pambansa at panlipunan?**

## Yunit 7.1: Kahulugan, Layunin, Gamit, at Katangian ng Posisyong Papel

### Layunin ng Pagsulat ng Isang Posisyong Papel

Tuntungan ng pagsulat ng isang posisyong papel ang malinaw na pagsasakonteksto sa mga detalyadong impormasyong nakapaloob dito upang lubos na maunawaan ang pananaw na inihahain sa mambabasa. Sa ganitong paraan, maisasakatuparan ang mga layuning nasa likod ng posisyong papel.

- Makapagpahayag ng paniniwala, pananaw, mungkahi, o matalinong kuro-kurong ibinunga ng masikap na pag-aaral ng mga konsepto at kaugnay na impormasyon hinggil sa paksa.
- Makapagmulat ng mga mambabasa sa pamamagitan ng mga inihaing argumento hinggil sa isang napapanahong isyung may pangkalahatang saklaw kung tutuusin
- Makahikayat ng tao, pangkat, o komunidad na magsagawa ng mga partikular at tiyak na hakbang kaugnay ng isang isyu.
- Makapagpaunawa o makapagpalaganap ng mga salaysay ng paliwanag ng pinaninindigang pananaw ng isang tao o pangkat kaugnay sa isang paksa o isyu.
- Makakalap ang tagapagpahayag ng suporta mula sa mga *target* nitong mambabasa.

### Mga Gamit ng Posisyong Papel

Tulad ng iba pang mga akademikong sulatin, may mga tiyak na gamit ang posisyong papel. Batay sa natukoy nang kahulugan nito, iba't ibang larangan ang nasasaklaw ng nilalaman ng bawat posisyong papel na naisusulat. Sa partikular, maaaring gamitin ang posisyong papel bilang:

- Pormal na naratibo o talastas, sa anyong pasulat, ng isang pangkat o organisasyon upang magbigay-linaw hinggil sa isang tiyak na isyu;
- Diplomatikong paglalahad ng mga ideyang mula sa mga taong sangkot o may pagpapahalaga sa sentrong usaping isinaad ng posisyong papel;
- Sandatang salaysay ng isang pangkat upang makapagpaliwanag, makapaglinaw, o makausig ng kinauukulan sa paraang hindi marahas; at
- Katipunan ng mga pagpapahalaga, salaysay, mungkahi, kuro-kuro, at/o pananaw hinggil sa isang tiyak na isyu, nang may respeto, dignidad, at paninindigan upang maging isang huwarang paraan ng pagpapabatid ng opinyon.

Yunit 7.1: Kahulugan, Layunin, Gamit, at Katangian ng Posisyong Papel

### Alalahanin

Mahahalagang sangkap sa pagsulat ng isang posisyong papel ang **paksa o isyu**, **posisyong pinanininindigan**, mga **argumento**, mga **suportang ideya**, at mga kaukulang **katibayan**. Ang lahat ng ito ay mahalaga upang makabuo ng isang mabisang posisyong papel sang-ayon sa layunin ng pagsulat at pagpapaabot nito sa kaalaman ng marami.

## Mga Katangian ng Isang Posisyong Papel

Isa ang pagkilala sa mga batayang katangian sa pinakasusi upang maihiwalay at/o mapag-iba ng mambabasa ang isang posisyong papel sa iba pang anyo ng akademikong sulating nababasa. Papasok dito ang tamang pagsusuri sa konteksto ng nilalaman at paraan ng paglalahad ng isang sulatin, gayundin ang masinsing pag-aaral sa pagkakagamit ng wika at mga teknikal na aspeto ng pagtalima ng manunulat sa kahingian ng sulatin.

### Tiyak ang Isyu

Tuntungan ng isang posisyong papel ang isang tiyak na isyung iikutan ng nilalaman at paglalahad na napapaloob dito. Maaari itong kabilangan ng mga isyung may saklaw na pambansa o pandaigdigang may epekto sa isa o maraming pangkat ng mga indibidwal o sa isang buong pamayanan sa pangkalahatan. Kung gayon, likas itong kontrobersiyal at nagtataglay ng mga nagtutunggaliang pananaw.

### Malinaw ang Posisyon

Maliban sa mga paliwanag hinggil sa isyung pinapaksa sa loob ng isang posisyong papel, tinataglay nito ang isang malinaw na posisyon ng manunulat hinggil sa partikular na isyu. Natitiyak lamang na malinaw ang isang posisyon kung may tiyak itong panig na inaayunan at pinahihindian kaugnay ng paksa. Mariing tinututulan ang pagkakaroon ng gitnang pasya, o iyong hindi pagpanig sa alinmang dalawang posisyon; sapagkat napawawalang-bisa nito ang katuturan ng pagsulat ng isang posisyong papel.

Yunit 7.1: Kahulugan, Layunin, Gamit, at Katangian ng Posisyong Papel

### Mapangumbinsing Argumento

Likas ang tunggalian ng mga pananaw sa loob ng isang posisyong papel. Ngunit hindi maaaring pagkatapos ilatag ng manunulat ang kaniyang paninindigan o mga paniniwala ay matatapos na lamang doon ang diin ng kaniyang panulat, at maaari na niyang ipilit na wasto ang kaniyang panig. Bagkus, kailangang maglahad ng matatalinong pangangatwiran sa pamamagitan ng pag-iisa-isa (hangga't maaari) ng mga konseptong napapaloob sa isyu, paglalakip ng mga patunay (ebidensiya) na susuporta sa pinaninindigang posisyon, at masinsing pagpapaliwanag ng ugnayan ng mga ito sa isa't isa para mapagtibay ang panig. Bahagi rin dito ang pagsasaalang-alang sa mga kasalungat na pananaw na maaari namang pabulaanan sa loob mismo ng posisyong papel.

**Tandaan**

Batayan ng isang mapangumbinsing posisyong papel ang pagkakaroon ng matalinong katwiran, matibay na ebidensiya, at kontra-argumento. Matalino ang pangangatwiran sapagkat malinaw ang ugnayan ng posisyong pinaninindigan sa mga pansuportang ideyang inilalatag ng may-akda at nasusuportahan ito ng matitibay na ebidensiya. Matibay ang ebidensiya kung bunga ito ng masusing pananaliksik ng mga sangguniang katanggap-tanggap habang isinasaalang-alang ang mga nagsasalungatang pananaw na pinabubulaanan at binibigyang-linaw ng manunulat.

### Angkop na Tono

Isang hamon sa pagsulat ng posisyong papel ang pagpili ng tono ng pananalita at paraan ng pagpapahayag nang kasabay ang malinaw na damdaming nais mapamayani ng manunulat. Sa huli, bagaman nangungusap at nangangatwiran, kinakailangang bukas ang sulatin sa mga puna, pagsalungat, tunggalian, at mungkahi. Bukod pa sa hindi ito nagsasara ng ugnayan o bukas na pakikipagtalastasan kanino man.

**Paano maaaring tanawin ang isang posisyong papel bilang isang paraan ng debateng nasa anyo ng panulat?**

### Mga Tip

- Gulugod ng mahusay na posisyong papel ang masusing pananaliksik at pagkalap ng impormasyon.
- Gumamit dapat ng mga ebidensiyang ibinunga ng pag-aaral tulad ng estadistika at mga pinagtagpi-tagping pangyayari sa kasaysayan.
- Pag-aralang mabuti ang parehong mga kalakasan at kahinaan ng sariling posisyong pinaninindigan.
- Magsuri ng mga posibleng kalutasan kaugnay ng isyung tinatalakay at magmungkahi ng mga tiyak na aksiyong makapag-aambag ng kalutasan.

## Palawakin

### Gawain 1

Magsaliksik ng isang anyo ng akademikong sulating may kinalaman sa pagsulat ng posisyong papel. Bigyang-paliwanag ang pag-iisa-isa ng ugnayan sa pagitan ng dalawang sulatin, at bigyang-tibay ang magiging sagot.

### Gabay sa Pagsagot

Gawing batayan sa pananaliksik ng anyo ng akademikong sulatin at ang pagbubuo ng ugnayan sa pagitan ng dalawang sulatin ang mga konseptong nakapaloob sa katuturan at mga katangian ng posisyong papel.

Yunit 7.1: Kahulugan, Layunin, Gamit, at Katangian ng Posisyong Papel

## Gawain 2

Sa pamamagitan ng panulat, paano mo paninindigan at ipaglalaban ang iyong posisyon hinggil sa sitwasyong tinutukoy sa ibaba.

> *Tinukoy ka ng mga kapangkat sa gawaing tesis na hindi nakiisa sa paggawa ng sulatin at walang naiambag sa pangkat hanggang matapos ang pangkatang tesis, na pawang hindi totoo at kabaliktaran lamang ng totoong pangyayari.*

### Gabay sa Pagsagot

Maging makatotohanan sa paglalahad ng iyong panig. Maaaring maglakip ng mga katibayan ng pagsama sa mga pulong, pagtalima sa mga hatian ng gawain, mga partikular na bahagi ng sulating ikaw ang gumawa, at iba pa. Maaaring gamitin sa paraan ng paglalahad ang pagsunod-sunod na mga pangyayari. Samantala, kung nagkaroon ng mga hindi pagkakaunawaan sa pagitan mo at ng iba pang mga kasapi, maaaring gamitin ito bilang isa sa mga argumento kung bakit maaaring hindi kinikilala ng iyong mga kapangkat ang ambag mo sa gawaing tesis.

## Suriin

A. Sagutin ang sumusunod at ipaliwanag sa sariling pangungusap. TANDAAN UNAWAIN

1. Anong klaseng akademikong sulatin ang posisyong papel?

2. Ano-ano ang maaaring layunin ng pagsulat ng isang posisyong papel?

## Yunit 7.1: Kahulugan, Layunin, Gamit, at Katangian ng Posisyong Papel

3. Ano-ano ang gamit ng posisyong papel?

4. Ano-anong katangian ang dapat taglayin ng isang posisyong papel?

5. Paano masasabing mabisa ang isang posisyong papel?

## Yunit 7.1: Kahulugan, Layunin, Gamit, at Katangian ng Posisyong Papel

B. Sagutin ang sumusunod at ipaliwanag sa sariling pangungusap.

SURIIN

1. Ano ang pagkakaiba ng posisyong papel sa iba pang anyo ng akademikong sulatin?

2. Paano nagagamit ang posisyong papel sa larangan ng polisiya at batas?

3. Paano nagagamit ang posisyong papel sa larangan ng akademikong institusyon?

4. Paano makatitiyak na maaasahan at makatotohanan ang nilalaman ng posisyong papel?

5. Bakit mahalagang nakikilala ng mga mag-aaral ang akademikong sulating posisyong papel?

## Paglalahat

- Mahalagang makilala ang posisyong papel bilang isang sulating naglalalahad ng mga katotohanang nakaugnay sa paksa, bagaman malinaw na may isang posisyong pinaninindigan ang manunulat hinggil sa isyu.
- Nilalaman ng posisyong papel ang mga malinaw na paliwanag at detalye ng impormasyong nakaangkla sa tinatalakay na isyu at konteksto ng posisyong pinaninindigan ng manunulat.
- Gamit ang matitibay na ebidensiya at matalinong pangangatwiran, napaninindigan ng posisyong papel ang pananaw nitong pinanghahawakan para maisakatuparan ang layuning makapagpahayag, makapagmulat, makapanghikayat, makakalap ng suporta, o makapagpalaganap ng impormasyon sa mga mambabasa.

## Bibliyograpiya

Lontoc et. al. *Pinagyamang Pluma: Filipino sa Piling Larang (Akademik)*. Lungsod ng Quezon: Phoenix Publishing House, 2017.

Mercado, Ayess Jehn. "Pagsulat ng Posisyong Papel," *Academia*, (n.d.). Nakuha sa https://www.academia.edu/38736859/Pagsulat_ng_Posisyong_Papel, Abril 14, 2020.

Supan et al. "Posisyong Papel," Nakuha sa https://www.scribd.com/presentation/370908229/Posisyong-Papel, Abril 14, 2020.

"Writing a Position Paper," University of Hawaii - *WO Writing Center*. Nakuha sa https://www.cs.rutgers.edu/~rmartin/teaching/fall17/Writing_a_Position_Paper.pd, Abril 14, 2020.

Voltaire et al. *Pagsulat sa Filipino sa Piling Larangan: (Akademik at Sining)*. Lungsod ng Quezon: Vibal Group, Inc., 2016.